المختصر المفيد للمسلم الجديد

Tagalog

# Patnubay Para Sa Bagong Muslim






Isinulat Ni:
Mohammed Alshehri

BOOK
FOR MOBILE

بسم الله الرحمن الرحيم

Sa Ngalan ng Allah, Ang Mahabagin,
Ang Maawain

## Click to Go to Topic




Ang Tunay
at Nag-iisang Diyos




Si Propeta
Muhamamad




Ang Maluwalhating
Qur'an

## Click to Go to Topic




Ang Mga Haligi
Ng Islam




Ang Mga Haligi Ng Iman
(Pananampalataya)




Ang Wudhu
o Ablusyon

## Click to Go to Topic




Pagpahid sa medyas at "Khuff" (MASH)




Ang ghusl o pagligo




Ang Tayammum
(Paglilinis gamit ang lupa)

## Click to Go to Topic




**Ang Salah**




**Ang Pagsusuot ng Hijab ng Babaeng Muslim**




**Iilan Sa Mga Katangian Ng Isang Muslim**

Click to Go to Topic




Ang Relihiyong Islam Ang Aking Kaligayahan

Ang Papauri at Pasasalamat ay ukol lamang sa Allah, sa Kanya lamang tayo humihingi ng tulong at humihingi ng kapatawaran, tayo ay nagpapakupkop sa Allah mula sa kasamaan ng ating mga sarili at sa kasamaan ng ating mga gawain. Sinuman ang ginabayan ng Allah ay walang makapagliligaw sa kanya, at kung sinunaman ang naligaw ng landas ay wala nang makapagbibigay sa kanya ng gabay. Ako ay sumasaksi na walang ibang Diyos na marapat

sambahin maliban sa Allah, ang Nag-iisa at Bukod-tangi, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay alipin at sugo ng Allah.

Pinarangalan ng Allah ang angkan ni Adam at sila ay itinangi o pinahalagahan nang higit kaysa sa mga ibang nilikha. Sinabi ng Allah: **"At katiyakan, Aming pinarangalan ang angkan ni Adam." (Qur'an 17:70).** Binigyan pa ng karagdagang karangalan ang nasyon na ito sa pamamagitan ng pagtanggap nila sa mensahe ng pinakamainam na Propeta na si Muhammad, *sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan*, ang Maluwalhating Qur'an, at kinalugdan para sa kanila ang pinakadakilang relihiyon, ang Islam. Sinabi ng Allah: **"Kayo ang**

**pinakamabuting sambayanan na lumitaw para sa sangkatauhan, sapagka't inyong ipinag-uutos ang kabutihan at ipinagbabawal ang kasamaan, at kayo ay naniniwala sa Allah. At kung ang mga Angkan ng Kasulatan [mga Hudyo at Kristiyano] ay naniwala lamang, ito ay higit na makakabuti para sa kanila. Ang iba sa kanila ay tapat na naniniwala, nguni't karamihan sa kanila ay mga suwail." (Qur'an 3: 110).**

Isa sa mga dakilang biyaya ng Allah sa tao ang pagkalooban siya ng gabay sa Islam, pagiging matatag dito, at pagsasabuhay at pagsasagawa ng mga alituntunin at mga batas nito. Ang munting librito na ito ay magtuturo sa

bawat bagong muslim ng mga bagay o alintuntunin na marapat niyang malaman sa unang yugto ng pagyakap sa Islam sa maikling pamamaraan na maipaliwanag sa kanya ang kagandahan ng dakilang relihiyong ito, hanggang sa ito ay kanyang maintindihan at maisabuhay, at pagkatapos ay tutungo siya sa pagsasaliksik ng kaalaman at pagpaparami nito mula sa kanyang pagsisikap upang lalong madagadagan ng lubos ang pagkakilala niya sa kanyang Panginoon, sa kanyang propeta na si Mohammad ﷺ at ang kanyang relihiyong Islam; upang sambahin niya ang Allah na may sapat na kaalaman, panatag ang puso at madagdagan ang kanyang pananampalataya at

mapalapit sa Allah sa pamamagitan ng paggawa ng Ibada o pagsamba at pagsunod sa Sunnah ng Propeta Mohammad.

Dalangin ko sa Allah na maging mabiyaya ang bawat salita sa aklat na ito, at gawin Nya nawa itong kapaki-pakinabang sa Islam at sa mga Muslim. Nawa'y gawin itong dalisay ni Allah na para lamang sa Kanya at igawad ang gantimpala nito sa lahat ng mga Muslim maging sila man ay buhay o pumanaw na.

Mohammed Alshehri

2 Dhu al-Qi'dah, 1441A.H

ربي الله

# Ang Tunay at Nag-iisang Diyos

- Sinabi ng Allah: **"O sangkatauhan, sambahin ninyo ang inyong Panginoon na Siyang lumikha sa inyo at sa mga nauna sa inyo, nang sa gayon ay mapabilang kayo sa mga taong may takot sa Kanya." (Qur'an 2:21)**
- At sinabi pa ng Allah: **"Siya ang Allah, bukod sa Kanya'y wala ng iba pang Diyos, Sya ang nakakaalam sa mga bagay na di nakikita at nakikita. Sya ang Mahabagin, Ang Maawain." (Qur'an 59:22)**

- **"Walang bagay ang makakahalintulad sa Kanya, at Siya ang Lubos na Nakakarinig, ang Lubos na Nakakakita." (Qur'an 42:11)**
- Si Allah ang aking Panginoon at Panginoon ng lahat ng bagay. Sya angTagapaglikha, ang Tagapagtustos, at ang Tagapangasiwa ng lahat ng bagay. Sya lang ang Bukod-tangi na karapat-dapat na pag-ukulan ng pagsamba. Walang ibang Panginoon at walang ibang Diyos maliban lamang sa Kanya.

Siya ay nagtataglay ng magagandang Pangalan at mararangal na mga katangian na Kanyang inilarawan sa Kanyang sarili at inilarawan sa Kanya ng Kanyang Propetang si Muhammmad ﷺ, na kung saan ay naabot nito ang sukdulan ng pagiging perpekto at kagandahan, wala Siyang kahalintulad na bagay, Siya ang Labis na Nakakarinig at Labis na Nakakakita.



## Ar-Razzaq:

Ang Tagapanustos sa mga biyaya ng mga alipin, na siyang lakas ng kanilang mga puso at kanilang mga katawan.

## Ar-Rahman:

Ang Pinaka Maawain at ang Kanyang Awa ay saklaw ang lahat ng bagay.

## Al-Qadeer:

Ang ganap na Makapangyarihan at may Kakayahan na hindi nakakaranas ng pagkapagod o kawalan ng kakayahan.

## Al-Malik:

Ang Nagtataglay ng mga katangian ng Kadakilaan, pagpigil o pagkontrol at pangagasiwa, ang Kataas-taasang Hari at Tagapanagasiwa ng lahat ng mga bagay.

## As-Sami:

Ang Nakakarinig at Nakakaalam ng lahat ng binibigkas o sinasabi lantaran man o palihim.

## As-Salam:

Ang Ligtas o Payapa sa lahat ng kakulangan, pagkababa at kapintasan ng Kanyang mga ganap na katangian.

## Al-Baseer:

Ang ganap na Nakakakita ng lahat, ito man ay malaki o maliit, ang lubos na Nakakakita at Nakakabatid ng lahat at walang anuman ang naiilihim sa Kanya.

## Al-Wakeel:

Ang Ganap na Tagapagkupkop, Tagapangalaga ng mga biyaya ng ng mga nilikha, nasa Kanya ang Pangangasiwa sa Kanyang mga alipin, at Siya ang Nangangalaga sa Kanyang mga alipin na malapit sa Kanya.

## Al-Khaliq:

Ang Tagapaglikha ng lahat ng bagay at Siya ang imbentor nito ayon sa Kanyang kagustuhan na walang pinagbasihang mga bagay na nauna.

## Al-Lateef:

Ang Banayad at ang Mabait na pinarangalan ang Kanyang mga lingkod, nagpapakita ng awa sa kanila at tinatanggap ang kanilang mga pagsusumamo.

## Al-Kafi:

Ang Sapat na nagbibigay sa Kanyang mga alipin ng lahat ng kanilang mga pangangailangan, ang Kanyang mga biyaya ay sapat na at hindi kailangan ng anumang tulong ninuman.

## Al-Ghafur:

Ang Nagpapatawad sa mga kasalanan ng Kanyang mga alipin at hindi na sila paparusahan sa kanilang mga kasalanang nagawa.




Nararapat sa isang muslim ang pagninilay-nilayan ang kamangha-manghang nilikha ng Allah at Kanyang pagpapagaan sa mga ito, kabilang na dito ang kasipagan at pagpapahalaga ng mga nilikha (sa kabila ng kanilang pagiging mahina at maliit) sa

paghahanap ng kanilang makakain at inaalagaan ang kanilang mga sarili hanggang sa nakayanang tumayo at mamuhay mag-isa,kaya ang kaluwalhatian ay sa Allah ang naglikha sa mga ito at naging banayad at puno ng kabaitan para sa mga ito,na kung saan kabilang sa Kanyang kabaitan ay binigay sa kanila at ipinahintulot na makinabang mula sa anumang nilikha ni Allah na makakatulong sa kanila at upang mapabuti ang kanilang kalagayan sa kabila ng kanilang pagiging mahina.

نبي محمد صلى الله عليه وسلم

# Si Propeta Muhamamad





Sinabi ng Allah: "Katiyakang dumating na sa inyo ang isang Sugo {Muhammad} mula sa inyong mga sarili {lahi}, ikinalulungkot niya na kayo ay dumanas ng kahirapan. Siya ay nagmamalasakit sa inyo {hangad niya na kayo ay mapatnubayan}, at sa mga naniniwala siya ay mabait at maawain." (Qur'an 9:128)

- Sinabi ng Allah: **"Katiyakan, mayroon para sa inyo sa [katauhan ng] Sugo ng Allah ang isang mahusay na halimbawa para sa sinumang umaasa na makatagpo ang Allah at makamit ang gantimpala sa Huling Araw, at laging inaala-ala ang Allah." (Qur'an 9:128)**
- At Kanyang pang sinabi: **"At hindi ka namin ipinadala, (O Muhammad), maliban lamang na bilang habag sa sangkatauhan." (Qur'an 21: 107)**

## Si Muhammad ﷺ, Ang Habag

Siya si Muhammad ﷺ na anak ni Abdullah, ang panghuling Propeta at Sugo. Ipinadala siya ng Allah na dala ang relihiyong Islam para sa buong sangkatauhan upang ituro sa kanila ang daan ng kabutihan, at ang pinakamainam dito ay ang Tawheed o ang kaisahan ng Allah; at upang ipagbawal sa kanila ang daan ng kasamaan, at ang pinakamasama dito ay ang pagtatambal sa Tunay na Nag-iisang Diyos, Allah.

**Kabilang sa kanyang mga katangian:**

- Makatotohanan,
- mahabagin,
- maunawain,
- mapagtimpi,
- matapang,
- mapagbigay,
- may magandang asal,
- makatarungan,
- mapagkumbaba,
- mapagpatawad, at ibapa.

القرآن الكريم كلام ربي

# Ang Maluwalhating Qur’an





Sinabi ng Allah: **"At ipinadala Namin sa inyo ang Dakilang Qur'an bilang gabay at malinaw na liwanag."** (Qur'an 4:174)

Ang Maluwalhating Qur’an ay salita ng Allah na ipinahayag Niya kay propeta Muhammad ﷺ upang hanguin ang mga tao mula sa kadiliman tungo sa liwanag at sa matuwid na landas.

Sinuman ang magbasa nito ay makakatamo ng dakilang gantimpala, at sinuman ang gawing patnubay ang Qur’an ay katotohanang tinahak niya ang matuwid na landas.

أتعرف على أركان الإسلام

# Ang Mga Haligi Ng Islam



Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ: **"Itinayo ang Islam sa limang haligi: 1) Pagsasaksi na walang ibang Diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah at si Muhamamad ay sugo ng Allah, 2) Pagtataguyod ng pagdarasal limang beses sa isang araw, 3) Pagbibigay ng Zakah (Obligadong kawang-gawa), 4) Pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan, at 5) Pagsasagawa ng Hajj sa Makkah."**

Ang mga haligi ng Islam ay mga pagsamba na marapat gampanan ng bawat muslim. Hindi magiging wasto ang Islam ng isang tao kung hindi niya paniwalaan at itaguyod ang lahat ng mga haliging ito sapagka’t dito naitayo ang Islam, kaya’t tinawag itong mga haligi ng Islam.

**Maikling Pagpapaliwanag sa mga Haliging ito:**

# Ang mga haligi ng Islam

## 1



Pagsasaksi na walang ibang Diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah at si Muhamamad ay sugo ng Allah

## 2



Pagtataguyod ng pagdarasal limang beses sa isang araw

# Ang mga haligi ng Islam

## 3

Pagbibigay ng Zakah (Obligadong kawang-gawa)

## 4

Pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan, at

## 5

Pagsasagawa ng Hajj sa Makkah



# Ang Unang Haligi

## Ang Shadatayn o pagsasaksi na walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah at si Muhammad ay Sugo ng Allah.

- Sinabi ng Allah: "**At iyong alamin, (O Muhammad), na katiyakang walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah.**" (Qur'an 47:19)
- Sinabi pa ng Allah: **"Katiyakang dumating sa inyo, O kayong mga mananampalataya, ang Sugo na mula sa inyo, na naghihirap ang kalooban sa**

**anumang natatamo ninyong kahirapan o kapinsalaan, nagmamalasakit sa inyo upang maituwid ang inyong paniniwala at maging mabuti ang inyong kalagayan, at siya ay maawain, ubod ng buti at mapagmahal sa mga mananampalataya."** (Qur'an 9: 128)

**Ang kahulugan ng pagsasaksi ng "la ilaha illa Allah"**: Walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah.

**Ang kahulugan ng pagsasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah:** Ang pagsunod sa kanyang utos, paniniwala sa kanyang ibinalita, pag-iwas sa kanyang ipinagbawal, at pagsamba sa Allah alinsunod sa kanyang itinuro.



# Ang Ikalawang Haligi

## Ang pagsagawa ng Salah o pagdarasal.

- Sinabi ng Allah: **“At inyong itaguyod ang pagdarasal.”** (Qur’an 2:110)
- Ang pagtataguyod ng Salah ay isinasagawa ito sa paraang isinabatas ng Allah at itinuro sa atin ng Kanyang Sugo ﷺ .



# Ang Ikatlong Haligi

## Ang pagbibigay ng Zakah o obligadong kawang gawa.

- Sinabi ng Allah: **"At magbigay kayo ng Zakah o Obligadong Kawang gawa."** (Qur'an 2:110)
- Inobliga ng Allah ang pagbibigay ng Zakah upang subukin ang pananampalataya ng isang Muslim, pasalamatan niya ang kanyang Panginoon sa mga biyayang kayamanan na ipinagkaloob sa kanya, at tulungan ang mga mahihirap at mga nangangailangan.

- Ang Zakah ay ibinabahagi at ibinibigay sa mga pangkat o uri ng mga taong karapat-dapat bigyan nito. Ito ay obligado sa kayamanan kapag umabot sa sapat na na sukat o bilang. Ibibigay ito sa walong uri ng tao na binanggit ng Allah sa Maluwalhating Qur'an, kabilang dito ang mga dukha at mahihirap.
- Ang pagsasakatuparan nito ay nagpapakita ng habag at awa, nagdadalisay sa kayamanan at pag-uugali ng isang Muslim, nagpapasaya sa mga dukha at mahihirap, at nagpapalakas ng pagmamahalan at kapatiran sa pagitan ng bawat Muslim sa lipunan. Samakatwid, ang isang butihing Muslim ay nasisiyahan sa pagsasakatapuran nito, sapagka't batid niya na ang pagbibigay ng

Zakah ay magdudulot ng kasiyahan sa mga maralita at nangangailangan.

- Ang sukat na pagbibigay na Zakah ng pera Ay 2.5% sa kayamanan na naipon mula sa ginto, pilak, pera at negosyo sa pagbenta at pagbili na ang layunin ay upang kumita; kapag umabot na ang halaga nito sa tamang sukat at lumipas ang isang buong taon ay magiging obligado ang pagbibigay ng zakah nito.
- Magiging obligado din ang pagbibigay ng Zakah sa sinumang nagmamay-ari ng mga alagang hayop na may tiyak na bilang tulad ng baka, kamelyo, tupa at kambing, kapag ito ay kumakain ng damo ng mahigit sa isang taon at hindi ito pinapakain ng nagmamay-ari.

- Magiging obligado din ang Zakah mula mga yamang-lupa tulad ng butil, prutas, mineral at iba pang yaman kapag ito ay umabot sa tamang sukat.



# Ang Ikaapat na Haligi

## Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan.

- **Ang Pag-aayuno sa Ramadhan**: ito ang pagsamba sa Allah sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagkain, inumin, pakikipagtalik at iba pang nakakasira mula sa pagsapit ng Fajr hanggang sa paglubog ng araw, sa buong mabiyayang buwan ng Ramadhan.
- Sinabi ng Allah: "**O kayong mga naniwala, ang Sawm [pag-aayuno] ay itinatagubilin sa**

**inyo tulad ng itinagubilin sa mga nauna sa inyo upang sakali kayo ay matakot [sa Allah nang may tunay na pagkatakot sa Kanya].”** (Qur’an 2:110)

- Ang Ramadhan ay ika- siyam na buwan ng Hijri. Ito ang buwan na dinadakila ng mga muslim at binibigyan nila ito ng espesyal na katayuan kumpara sa ibang mga buwan. Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan ay kabilang sa mga haligi ng Islam.
- **Ang Pag-aayuno sa Ramadhan:** ito ay pagsamba sa Allah sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagkain, inumin, pakikipagtalik at iba pang nakakasira mula sa pagsapit ng Fajr hanggang sa paglubog ng araw sa buong araw ng mabiyayang buwan ng Ramadhan.



# Ang Ikalimang Haligi

## Ang Hajj o paglalakbay sa Makkah.

Sinabi ng Allah: **"At iniatang ng Allah para sa mga tao ang [tungkuling magsagawa ng] Hajj sa bahay-dalanginan [ang Ka'bah], sa sinumang may kakayahang maglakbay para rito."** (Qur'an 3: 97)

Ang Hajj ay obligado sa sinumang may kakayahan, isang beses sa kanyang buhay. Para gawin ito, kinakailangan niyang magtungo sa Makkah at sa mga banal na lugar sa natatanging panahon upang isagawa ang mga natatanging mga gawaing pagsamba bilang pagsamba sa Allah عز وجل. Tunay na nagsagawa ng Hajj ang Propeta ﷺ at ang iba pang mga propeta na nauna sa kanya, at ipinag-utos ng Allah kay Ibrahim na manawagan sa sangkatauhan na magsagawa ng Hajj, tulad ng sinabi ng Allah sa Maluwalhating Qur'an: **"At ipahayag mo, O Ibrahim, sa sangkatauhan na magsagawa ng Hajj [sa Makkah]; sila ay tutungo sa iyo na naglalakad at may nakasakay sa mga kamelyo; sila ay magmumula sa bawat malayong daanan."**

أتعرف على أركان الإيمان

# Ang Mga Haligi Ng Iman (Pananampalataya)

Tinanong ang Propeta ﷺ patungkol sa Iman (pananampalataya) at kanyang sinabi: **"Ito ay: 1.) paniniwala sa kaisahan ng Allah, 2) sa Kanyang mga anghel, 3) sa Kanyang mga aklat, 4) sa Kanyang mga Sugo, 5) sa Huling Araw, at 6) paniniwala sa tadhana mabuti man o masama."**

Ang mga haligi ng pananampalataya ay mga uri ng pagsamba na nasa puso at marapat lamang na paniwalaan ng bawat muslim. Hindi magiging sapat o wasto ang Islam ng isang tao hanggat ito ay kanyang paniwalaan, kaya't ito ay tinawag na mga haligi ng pananampalataya. Ang kaibahan ng mga haligi ng pananampalataya at Islam: Ang mga haligi ng Iman ay mga


gawain ng puso na isinasagawa ng tao sa pamamagitan ng kanyang puso tulad halimbawa ng paniniwala sa kaisahan ng Allah, sa Kanyang mga kasulatan, at sa Kanyang mga sugo.  Samantala, ang mga haligi ng Islam ay mga gawaing lantad na isinasagawa ng tao sa pamamagitan ng pagkilos ng katawan tulad ng pagsambit ng Shahadatyn at pagtataguyod ng Salah at Zakah.

## Konsepto at kahulugan ng Iman:

Ito ay ang ganap na paniniwala ng puso sa kaisahan ng Allah, sa Kanyang mga anghel, sa Kanyang mga aklat, sa Kanyang mga sugo, sa Huling Araw, at sa Tadhana mabuti man o masama. Kasama na rito ang pagsunod sa lahat ng dumating na kapahayagan kay Propeta Muhammad ﷺ maging ito man ay pagsambit sa pamamagitan ng dila, tulad ng pagsabi ng walang diyos na marapat sambahin maliban sa Allah, pagbabasa ng maluwalhating Qur’an, pagluwalhati, pagdakila at pagpuri sa Allah; pagsagawa sa pamamagitan ng aksyon o pagkilos ng katawan nang lantaran tulad ng Salah, Hajj, at Pag-aayuno; at pagtaguyod sa pamamagitan ng patagong

aksyon ng katawan na may koneksyon sa puso tulad ng pagmamahal sa Allah, pagkatakot sa Kanya, pagtitiwala sa Kanyan at pagiging dalisay o taus-puso sa lahat ng gawain para sa Kanya lamang.

Ang kahulugan nito sa maikling kataga ay ang ‘’paniniwala ng puso, pagsambit ng dila, at pagkilos ng katawan. Ang pananampalataya ay tumataas sa pamamagitan ng pagsunod kay Allah at bumababa sa pamamagitan ng pagsuway kay Allah.”



# Ang Unang Haligi

## Ang Paniniwala sa Allah


Sinabi ng Allah: **"Katiyakan, ang tunay na mga mananampalataya ay yaong mga naniniwala sa Allah."** (Qur'an 24:62)

Ang paniniwala kay Allah ay nangangailangan ng paniniwala sa Kanyang kaisahan sa pagka-Panginoon (Ruboobeeyah), sa Kanyang kaisahan sa pagsamba

(Uluhiyah), sa Kanyang mga pangalan at katangian (Asmaa was sifaat), at kabilang na dito ang mga sumusunod:

- Ang paniniwala sa pagka-iral ng Allah ﷻ
- Ang paniniwala sa Kanyang pagka-Panginoon, Siya ang nagmamay-ari sa lahat ng bagay, Siya ang lumikha, Siya ang nagbigay biyaya, at Siya ang nangangasiwa sa lahat.
- Ang paniniwala sa kaisahan ng Kanyang pagka-Diyos, sa pagsamba sa Kanya, sa Kanya lamang iaalay ang lahat ng uri ng pagsamba tulad ng pagdarasal, pananalangin, panata, pagkatay, paghingi ng tulong, at iba pang uri ng pagsamba.

- Ang paniniwala sa Kanyang mga magagandang pangalan at mararangal na katangian na inilarawan Niya sa Kanyang sarili at ng Kanyang sugo, at pagwaksi sa kung ano ang iwinaksi Niya sa Kanyang sarili at ng Kanyang Propeta ﷺ na mga pangalan at katangian. Ang Kanyang mga pangalan at katangian ay naabot ang sukdulan ng pagka-perpekto at kagandahan. Siya ay walang kahalintulad na kahit anong bagay, Siya ang labis na nakakarinig, at ang labis na nakakakita.



# Ang Pangalawang Haligi


## Ang Paniniwala sa mga Anghel.

Sinabi ng Allah: **"Ang lahat ng papuri ay sa Allah lamang, Tagapaglikha ng mga kalangitan at ng kalupaan, [Siya ang] lumikha sa mga anghel bilang mga sugo at mayroong mga pakpak, dalawa o tatlo o apat. Lumilikha Siya kung anuman ang Kanyang naisin. Katotohanan, ang Allah ay ganap na may kakayahan sa lahat ng bagay."** **(Qur'an 35:1)**

Naniniwala tayo na ang mga anghel ay di nakikitang nilalang. Nilikha sila ng Allah mula sa liwanag, at ginawa Niya silang sumusunod at nagpapakumbaba lamang sa Kanya.

Sila ay mga dakilang nilikha na walang nakakaalam sa kanilang tunay na lakas at bilang maliban sa Allah lamang. Ang bawat isa sa kanila ay may mga pangalan at katangian at mga tungkulin na itinalaga sa kanila ng Allah. Kabilang sa kanila ay si Jibril na itinalaga ng Allah sa pagpapahayag ng rebelasyon na Kanyang ibinaba sa Kanyang mga sugo.





# Ang Pangatlong Haligi

## Ang Paniniwala sa mga Aklat.

- Sinabi ng Allah: "Sabihin, [O mga mananampalataya], kami ay naniniwala sa Allah at sa anumang ipinahayag sa amin, sa anumang ipinahayag kina Abraham, Ismael, Isaak, Hakob at sa tribu [asbat], sa anumang [Kasulatang] ipinagkaloob kay Moises at kay Hesus, at sa anumang ipinagkaloob sa mga propeta mula sa kanilang Panginoon. Kami ay hindi nagbibigay ng pagtatangi

[o kaibhan] sa pagitan ng sinuman sa kanila, at sa Kanya, kami ay tumatalima [bilang mga Muslim)." (Qur'an 2:136)

- Ang matibay na paniniwala na ang lahat ng mga kapahayagan ay salita ng Allah. Mula ito sa Allah na ibinaba sa Kanyang mga Sugo patungo sa sangkatauhan



dala ang malinaw na katotohanan. Sa pagpadala ng Allah sa Kanyang Sugo na si Muhammad ﷺ para sa buong sangkatauhan binago ng Allah sa pamamagitan ng batas ni Muhammad ﷺ ang mga naunang mga batas at ginawa ang Qur'an na mangibabaw sa mga naunang mga kapayahagan at pamalit sa mga ito. Sinabi ng Allah: **"Walang pag-aalinlangan, Kami ang nagbaba ng Qurân kay Propeta Muhammmad (ﷺ) at walang pag-aalinlangan na Kami rin ang patuloy na mangangalaga nito mula sa pagdaragdag o pagbabawas, o sa anumang kasiraan."** (Qur'an Al-hijr:9)

- Ang maluwalhating Qur'an ang huling kapahayagan ng Allah para sa sangkatauhan, at ang Propeta si Muhammad ang huling sugo at ang Islam ang relihiyon na kinalugdan ng Allah para sa sangkatauhan hanngang sa dumating ang araw ng pagkagunaw, sinabi ng Allah**: "Katotohanan ang tanging relihiyon sa paningin ng Allah ay ang Islam lamang."** (Qur'an Al-Imran:19).

Ang mga kapahayagan na ibinaba ng Allah na nabanggit sa Kanyang Aklat ay ang mga sumusunod:

**Ang Maluwalhating Qur’an:**
ipinadala ito ng Allah kay Propeta Muhamad ﷺ .

**Ang Tawrah:**
ipinadala ito ng Allah kay Propeta Musa, sumakanya nawa ang kapayapaan.

**Ang Injeel:**
ipinadala ito ng Allah kay Propeta Eesa, sumakanya nawa ang kapayapaan.

**Ang Zaboor:**
ipinadala ito ng Allah kay Propeta Dawood, sumakanya nawa ang kapayapaan.

**Ang Suhoof:**
ipinadala ito ng Allah kay Propeta Ibrahim, sumakanya nawa ang kapayapaan.



## Ang Pang-apat na Haligi

### Ang Paniniwala sa mga Sugo

- Sinabi ng Allah: **"At katiyakan, Aming ipinadala sa bawa't pamayanan ang isang sugo [na nag-aanyaya]: "Sambahin ang Allah [tanging Siya], at iwasan ang [pagsamba sa] mga huwad na diyos."** (Qur'an An-Nahl:36). Ito ay ang matibay na paniniwala na ang Allah ay nagpadala sa bawat sambayanan ng Sugo na nag-aanyaya sa pagsamba lamang sa Allah at pagtakwil ng pagsamba sa iba.

- Ang paniniwala na silang lahat ay mga tao lamang na tagapaglingkod ng Allah, sila ay makatotohanan at pinatotohanan, mga mabubuting mga tao at matitino, mga mararangal at dalisay, mga matakutin sa Allah at mapagkakatiwalaan. Mga nag-gagabay at ginabayan, sila ay pinagkalooban ng mga himala ng Allah bilang patunay na sila ay mga tunay na sugo. Kanilang ipinaabot kung ano ang iniutos ng Allah sa kanila, lahat sila ay nasa matuwid na landas at malinaw na katotohanan.

- Katotohanang nagkaisa ang paanyaya ng naunang mga Sugo at ang mga nahuli sa pagpapatupad ng pundasyon ng pananampalataya, na kung saan ito ang paanyaya sa kaisahan ng Allah, sa pagsamba, at paglayo sa gawaing pagtatambal sa Kanya.

# Ang Panglimang Haligi

## Ang Paniniwala sa Araw .ng Paghuhukom

- Sinabi ng Allah: **"Allah, walang diyos [na dapat sambahin] maliban sa Kanya. Katiyakan, kayo ay Kanyang titipuning sama-sama sa araw ng pagkabuhay na muli, na walang alinlangan ang hinggil [sa kaganapan] nito. At sino ba ang higit na makatotohanan sa pagsasalaysay kaysa sa Allah." (Qur'an An-Nisaa:87)**

- Ito ay ang paniniwala sa lahat ng bagay na may kaugnay sa huling araw na ibinalita sa atin ng Allah sa Kanyang banal na aklat at sinabi sa atin ng Propeta Muhammad ﷺ tulad ng kamatayan ng isang tao, biyaya at kaparusahan sa libingan, ang pagbangon muli, ang pagtitipon ng buong sangkatauhan, ang timbangan, ang paglilitis, ang Paraiso, ang Impiyerno at iba pang mga pangyayari sa Araw ng Paghuhukom.



# Ang Pang-anim na Haligi

## Ang Paniniwala sa Qadar o Tadhana, Mabuti man o Masama.

Sinabi ng Allah: **"Katotohanang ang lahat ng bagay na Aming nilikha ay may kaukulang tadhanang itinakda."** (Qur'an Al-Qamar:49).

Ito ay ang paniniwala na ang lahat ng mga nangyayari sa mga nilikha dito sa mundo ay itinakda ng Allah عَزَّ وَجَلَّ at itong mga pagtatakda ay nakasulat na bago pa man likhain ang tao. Ang bawat tao ay may sariling kagustuhan at pagnanais at siya ang totoong kumikilos o gumagawa nito. Ngunit ang lahat ng ito ay hindi lalabas sa kaalaman, sa kagustuhan at kapahintulutan ng Allah.

Ang paniniwala sa Qadar o tadhana ay nababatay sa apat na pantas, ito ay ang sumusunod:

**Ang Una**: Ang paniniwala sa pangmalawakang kaalaman ng Allah.

P**angalawa**: Ang paniniwala sa pagsulat ng Allah sa *"lawhul mahfudh"* ng lahat ng mangyayari hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

**Ang pangatlo:** Ang paniniwala sa kagustuhan ng Allah at Kanyang buong kapangyarihan o kakayahan, kaya't ang anumang Kanyang naisin ay mangyayari at ang anumang hindi Niya naisin ay hindi mangyayari.

**Ang pang-apat:** Ang paniniwala na ang Allah ang Tagaplikha ng lahat ng bagay at wala Siyang katuwang sa paglikha.

# أتعلم الوضوء

# Ang Wudhu o Ablusyon





Sinabi ng Allah: **"Ang Allâh, samakatuwid, ay nagmamahal sa Kanyang mga alipin, na palaging humihingi ng kanilang kapatawaran at pagsisisi, at nagmamahal sa Kanyang mga aliping malilinis." (Qur'an 2:22)**

Sinabi ng Propeta ﷺ: **"Mag-wudhu ka tulad ng pag-wudhu ko na ito."**

Kabilang sa pagiging dakila ng antas ng salah ay isinabatas ng Allah ang taharah o paglilinis bago ito isagawa, ito ay ginawang kondisyon upang tanggaapin ang salah, at ito ang susi ng Salah. Ang pagpapahalaga sa kainaman ng salah ang nagtutulak sa puso upang mas lalong manabik sa pagtataguyod nito. Sinabi ng Propeta ﷺ: **"Ang kalinisan ay bahagi ng pananampalataya; at ang Salah ay liwanag."**

Sinabi pa ng Propeta ﷺ: **"Sinuman ang nagsagawa ng wudhu at ito ay kanyang pinabuti, tiyak na maaalis ang kanyang mga kasalanan mula sa kanyang katawan."**

Haharap ang isang alipin sa kanyang Panginoon na malinis ang kanyang panlabas na anyo dahil sa wudhu; gayundin ang kanyang kalooban sa pagsasagawa ng pagsamba na

dalisay sa Allah, at alinsunod sa kapamaraanan ng Propeta ﷺ .

**Kailan magiging wajib o obligado sa kanya ang wudhu?**

1. **Pagsasagawa ng Salah ito man ay obligadong salah o sunnah.**
2. **Pagtatawaf (pag-ikot) sa Ka'bah.**
3. **Paghawak ng Mushaf (Qur'an).**

**Ako ay magwuwudo at maliligo gamit ang malinis na tubig**

**Ang malinis na tubig:** Lahat ng tubig na nagmula sa langit o lumabas mula sa lupa, nanatili sa orihinal na pagkalikha nito at hindi nabago ang isa sa tatlo nitong mga katangian, at ito ay ang mga: kulay, lasa at amoy; sa pamamagitan ng mga bagay na nakakaalis ng pagkalinis ng tubig.

## Ang Wudhu

1 2 3 4 5 6 7 8

### hakbang 1

Ang intensyon sa puso.
Ang kahulugan niyo ay ang hangarin ng puso na gawin ang isang pagsamba upang mapalapit sa Allah.

## Ang Wudhu

1 2 3 4 5 6 7 8

hakbang

2



Ang paghugas ng kamay
ng tatlong beses.

## Ang Wudhu

1 2 **3** 4 5 6 7 8

hakbang

3



Ang pagmumog ng tatlong beses

**Ang madmada (Pagmumog):** Ang pagpasok ng tubig sa bibig at pananatili sa loob nito at pagkatapos ay ilalabas ito.

# Ang Wudhu

1 2 3 4 5 6 7 8

hakbang

4



Al-istinsha'q

**Al-istinsha'q**: Ang pagsinghut ng tubig upang papasok sa ilong.

**Al-istinthar**: Ang pagsinga ng tubig na ipinasok mula sa ilong.

# Ang Wudhu

1 2 3 4 5 6 7 8

hakbang

5



Ang paghugas
ng mukha.

Ang mga hangganan ng mukha ng huhugasan ay ang sumusunod:

**Kahulugan ng Mukha:** Ang bagay na kung saan ay magaganap ang pagharap.

**Ang taas:** Mula sa tinutubuan ng buhok hanggang sa baba.

**Ang lapad:** Mula sa tainga hanggang sa kabilang tainga.

Nasasaklaw ang paghugas ng mukha ang lahat ng malilit na buhok sa mukha at ang bayad at idhar.

**Bayad**: Ang lugar sa pagitan ng earlobe at ng tragus.

**Idha’r**: Ang buhok na tumubo sa tragus kahilera sa earhole.

Nasasakop din ang paghuhugas ng mukha sa bawat makakapal na buhok ng balbas at ang sobra nito.

# Ang Wudhu

1 2 3 4 5 6 7 8

hakbang 6



Ang paghugas ng dalawang kamay kasama ang siko, simula sa mga daliri hanggang sa siko at ang siko ay kabilang sa dapat hugasan.

# Ang Wudhu

1 2 3 4 5 6 7 8



hakbang 7

Ang pagpunas ng ulo pati ang dalawang tainga gamit ang dalawang kamay ng isang

beses lamang, magsisimula sa unahan ng ulo hanggang sa batok at pagkatapos ibalik ang pagpunas sa unahan ng ulo. At ipasok ang dalawang hintuturo sa tainga at ang hinlalaki ay nakapunas sa ibabaw ng tainga.



# Ang Wudhu

1 2 3 4 5 6 7 **8**

hakbang 8



Ang paghugas ng dalawang paa mula sa mga daliri ng paa hanggang sa bukong-bukong.

# Mawawalan ng bisa ang wudo kapag nagawa ang mga bagay na ito

Lahat ng bagay na lumalabas mula sa unahan at likurang maseselang parte ng tao, tulad ng ihi, dumi, utot at simelya.

---

Kawalan ng pag-iisap tulad ng pagkatulog nang mahimbing, pagkawala ng malay, pagkalasing, o wala sa tamang kaisipan.

---

Lahat ng dahilan sa pagka obligado ng gusul (pagligo) tulad ng junub, regla at dugo sanhi ng panganganak.




**Kapag dumumi ang tao,**

kailangan sa kanya na alisin ang karumihan sa pamamagitan ng tubig na naipandadalisay, at ito ay pinakamainam, o sa pamamagitan ng hindi tubig na naipandadalisay, na nakapag-aalis ng karumihan gaya ng bato, papel, dahon, tela, at iba pa roon sa kundisyong iyon ay tatlong ulit, o higit pa, na pagpapahahid ng nasabing malinis na ipinahihintulot na bagay.

المسح على الخفين والجوربين

# Pagpahid sa medyas at "Khuff" (MASH)





Maaari mong punasan ang iyong medyas o Khuff kapag isinasaalang-alang ang mga sumusunod na kundisyon:

1. Dapat mong isuot ang mga ito pagkatapos magsagawa ng isang paghuhugas kung saan hugasan mo ang iyong mga paa.
2. Ang medyas at Khuff ay dapat na maging malinis sa anumang karumihan.

3. Ang oras ng pagpahid sa medyas at ang Khuff ay mayroong limitisyon.
4. Ang medyas at Khuff ay dapat mula sa halal hindi ito ninakaw o kinuha ng sapilitan halimbawa.

**Ang Khuff:** bagay na sinusuot ng tao mula sa manipis na balat ng hayop o kahalintulad nito, tulad ng pagsuot ng sapatos na tumatakip sa dalawang paa.



**Ang Jawrab:** bagay na sinusuot ng tao sa kanyang paa mula sa tela o kapareho nito at ito at tinatawag na medyas.





## Ang karunungan sa likod ng pagsasabatas nito:

Upang mapadali ang mga pagsamba para sa mga Muslim, gawing madali para sa mga hindi mahuhubad ang kanilang mga medyas at paghugas ng dalawang paa lalo na sa panahon ng taglamig, at sa oras ng paglalakbay.

## Limitasyon o bisa ng pagpahid:

Isang araw at gabi (24 na oras) **para sa mga residente.**

Tatlong araw at gabi (72 oras) **para sa mga manlalakbay**

**Ang tagal ay nagsisimula mula sa unang pagpunas sa khuff o medyas pagkatapos na mawala ang estado ng ritwal na karumihan.**

## Mga bagay na nakakawala ng bisa nito:

1. na magiging obligado ang paligo.
2. Kapag natapos na ang limit o tagal ng pagpunas.



## Paraan ng pagpahid sa medyas at Kuff:

1. Basain ang iyong mga kamay ng tubig.
2. Ipahid ang iyong kamay sa ibabaw ng iyong mga paa na nagsisimula sa mga daliri sa paa at nagtatapos sa bukung-bukong.
3. Gamitin ang iyong kanang kamay nang isang beses para sa iyong kanang paa at ang kaliwang kamay isang beses para sa kaliwang paa.

# الغُسل

# Ang ghusl o pagligo





Kapag nangyari ang pakikipagtalik sa lalaki at babae o di kaya'y lumabas ang semilya nila kahit hindi sa pagtatalik ay obligado na sila ay maligo upang pahintulutan sila mag-salah.



## Ang paraan ng gag-ghusl :ay ang mga sumusunod

Babasain ng isang muslim ang kanyang buong katawan ng tubig kahit sa anong paraan, kalakip dito ang pagmumog at pagsinghot ng tubig. Kapag nabasa ang kanyang buong katawan ay ganap na siyang malinis.

## Mga bagay na hindi maaring gawin ng isang Junub hanggang sa siya ay maligo:

1. Ang Salah
2. Pagtawaf sa Ka'bah
3. Pananatili sa Masjid, ngunit pinapahintulutan lamang ang pagdaan dito na walang halong pananatili.
4. Paghawak ng Mushaf ( Qur'an )
5. Pagbasa ng Qur'an

# التيمم

# Ang Tayammum (Paglilinis gamit ang lupa)





Sa panahon na walang mahanap na tubig ang isang muslim upang gamitin sa pagwu-wudhu o paglilinis, o hindi kaya'y wala siyang kakayahan upang gamitin ang tubig sanhi ng sakit o iba pang dahilan at siya ay nangangamba na mawala ang oras ng salah, pinapahintulutan sa kanya ang tayammum gamit ang lupa.



Ang pamamaraan ng pag-tayammum ay sa pamamagitan ng pagdampi sa lupa ng mga kamay nang isang beses at punasan ang mukha at mga kamay, sa kondisyon na ang alikabok o lupa ay malinis.

## Mga bagay na mawawalan ng bisa ang Tayammum:

1. Mawawalan ng bisa ang tayammum sa mga bagay na makakasira sa wudhu.

2. Kapag nakahanap ng tubig bago simulan ang pagsamba kung saan ginawa ang tayammum.

# أتعلم الصلاة

# Ang Salah





## I prepare myself for Prayer

Inobliga ng Allah ang limang beses na pagdarasal sa bawat araw at ito ay ang mga sumusunod:  Ang Fajr, Dhuhur, Asar, Maghrib at Isha.

**Inihahanda ko ang aking sarili para sa Salah:**

Kapag pumasok ang oras ng salah marapat na maging malinis ang isang muslim mula sa estado ng maliit at malaking karumihan.

**Hadath Akbar** (estado ng malaking karumihan): nangangailangan ng Ghusl (buong paghuhugas o pagligo).

**Hadath Asghar** (estado ng maliit na karumihan): nangangailangan ng Wudhu.

- Ang isang Muslim ay nagdarasal sa dalisay na lugar na may dalisay na damit na natatakpan ang kanyang Awra (maseselang bahagi ng katawan). Ang isang Muslim ay nagsusuot nang mabuti at maayos na damit na tumatakip sa kanyang katawan sa salah, at hindi maari na ipakita sa salah ang bahagi ng kanyang awra at ito ay sa pagitan ng pusod at tuhod para sa mga kalalakihan.

- Dapat takpan ng isang babae ang kanyang buong katawan maliban sa mukha at mga kamay.
- Hindi marapat sa isang muslim na magsalita habang nagsasalah maliban sa mga salita na bibigkasin para sa salah, makinig sa Imam at hindi maaaring lumingon habang nagsasalah. Kung hindi pa kabisado an mga salita na bibigkasin sa salah, marapat na kanyang gawin na lamang ay magdhikr o alalahanin at luwalhatiin ang Allah hanngang sa matapos ang salah. Nararapat lamang na magmadali na pag-aralan ang paraan ng salah at mga salita na dapat bigkasin dito.



# Ang Salah



## hakbang 1

Pagkakaroon ng niyah o intensyon sa pagsasagawa ng uri ng obligadong salah na nais niyang itaguyod at ang lugar ng intension ay ang puso.

Pagkatapos kong mag-wudhu ako ay haharap sa Qibla (direksyon ng Salah) at magsasalah nang nakatayo kung ito ay kaya mong gawin.

# Ang Salah

1
2
3
4
5
6
7
8
9
10
11
12



hakbang

2

itataas ko ang aking kamay na nakahanay sa aking mga balikat at sasabihin ang katagang: *Allahu Akbar* (ang Allah ang Pinakadakila) na may kasamang hangarin na simulan ang salah.

# Ang Salah

1
2
3
4
5
6
7
8
9
10
11
12



hakbang

3

Aking sasabihin ang pambungad na Duaa (pagsusumamo) na naiulat sa Sunnah, at kabilang dito ang pagsabi: *(Subhanakallahumma wa bihamdika wa tabarakasmuka wa taala jadduka wala ilaha ghayruk.)* "Ang kaluwalhatian ay sa Iyo O Allah, at papuri. Pinagpala ang Iyong Pangalan at Itinaas ang iyong Kamahalan. Walang karapat-dapat sambahin kundi Ikaw lamang."

# Ang Salah

1
2
3
4
5
6
7
8
9
10
11
12



hakbang

4

Humihingi ako ng kanlungan kay Allah mula sa isinumpa na Shaytan (Satanas) sa pagsasabing: "*auzu billahi minash shaitan rajeem*".

# Ang Salah

1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 11 12



**hakbang**

**5**

Babasahin ko ang Surah Al Fatiha sa bawat raka'a*: (1) Bismillaahir Rahmaanir Raheem (2) Alhamdu lillaahi Rabbil 'aalameen (3) Ar-Rahmaanir-Raheem (4) Maaliki Yawmid-Deen (5) Iyyaaka na'budu wa Iyyaaka nasta'een (6) Ihdinas-Siraatal-Mustaqeem (7) Siraatal-lazeena an'amta 'alaihim ghayril-maghdoobi 'alaihim wa lad-daaalleen.* "Sa Ngalan ng Allah, ang Mahabagin, ang Maawain. Al-Hamdulillah [ang lahat ng papuri ay sa Allah], ang Panginoon ng lahat ng mga nilikha. Ang Mahabagin, ang Maawain.

1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 11 12

Ang Maalik [Makapangyarihan at Kataas-taasang Hari] sa Araw ng Pagbabayad [ng gantimpala at parusa]. Tanging] Ikaw lamang po ang aming sinasamba, at [tanging] Ikaw lamang po ang aming hinihingan [ng tulong]. Patnubayan Mo po kami sa matuwid na landas. Sa landas ng yaong mga ginawaran Mo ng Iyong pagpapala, hindi [sa landas] ng mga umani ng [Iyong] poot, at ng mga nangaligaw."

Magbabasa ako ng isang surah o kabanata mula sa Qur'an pagkatapos ng Al-Fatiha sa una at ikalawang yunit lamang ng pagdarasal (rakaa). Ang nasabing pagbigkas ay hindi obligado ngunit nagdudulot ng malaking gantimpala.

# Ang Salah

1
2
3
4
5
6
7
8
9
10
11
12



hakbang 6

Sasabihin ko: "*Allahuakbar* " at ako ay yuyuko hanggang sa maging tuwid ang likod at nakalatag ang aking kamay sa aking tuhod na nakabukas ang mga daliri, at aking sasabihin: "*subhana rabbiyal azeem*" (Ang kaluwalhatian ay sa aking Panginoon, ang Pinakadakila).

# Ang Salah

1
2
3
4
5
6
7
8
9
10
11
12



hakbang
7

Ako ay tatayo mula sa pagkayuko at sasabihin: "*Sami 'Allahu liman hamidah*" (dininig ng Allah ang sinumang pumuri sa kanya). Itataas ko ang aking mga kamay sa antas ng balikat, at kung ang aking katawan ay ganap nang nakatayo, sasabihin ko: "*Rabbana walakal hamdu*" (Panginoon namin, tanging sa Iyo lamang ang papuri).

# Ang Salah

1
2
3
4
5
6
7
8
9
10
11
12



hakbang

8

Sasabihin ko ang *"Allahuakbar"* at ako ay magpapatirapa gamit ang mga kamay, tuhod, paa, noo at ilong, at sasabihin ko sa aking pagpatirapa: "*Subhana rabbiyal A'lah* " (Luwalhati sa aking Panginoon, ang Kataas-taasan).

# Ang Salah

1
2
3
4
5
6
7
8
9
10
11
12



hakbang

9

Sasabihin ko: ***"Allahukbar"***
at ako ay babangon mula sa pagkatirapa hanggang sa maging ganap na matuwid ang aking likod sa pagkakaupo sa kaliwang paa at nakataas ang kanang paa, at bibigkasin ang katagang: "*rabbi ighfir li*" (Panginoon, patawarin mo ako).

# Ang Salah

1
2
3
4
5
6
7
8
9
10
11
12



hakbang

10

Sasabihin ko: ***"Allahukbar"*** at muli akong mag-sujud o magpatirapa tulad ng unang sujud.

# Ang Salah

1
2
3
4
5
6
7
8
9
10
11
12




Ako ay tatayo mula sa sujud at sasabihin: ***"Allahukbar"*** upang makatayo ako nang tuwid, at gawin ang natitirang mga rakaat ng panalangin tulad ng ginawa ko sa unang rak'ah.

1
2
3
4



5 **Panglabing-isang hakbang**: Ako ay tatayo mula sa sujud at sasabihin: ***"Allahukbar"*** upang makatayo ako nang tuwid, at gawin ang natitirang mga rakaat ng panalangin tulad ng ginawa ko sa unang rak'ah.

8 Matapos ang pangalawang rakaa ng Dhuhr, Asr, Maghrib at Isha, ako ay uupo upang sabihin ang unang Tashahud: *(At-Tahiy-yatu lil-lahi was-salawatu wat-tay yibatu, As-Salamy 'alika ay-yuhan-nabiy-yu wa rahma tullahi wa barakatu, As salamu' alayna wa 'ala' ibadil-la his- saliheen, Ash hadu al la ilaha illal lahu, wa ash hadu an-na Muhammadan 'abduhu wa rasuluh).*

6
7
9
10
11
12

1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 11 12

"Ang lahat ng kapangyarihan at kadakilaan ay para sa Allah, lahat ng mga panalangin, at lahat ng mabuting pagsasalita at pagkilos ay para sa Kanya. Ang kapayapaan ay sumaiyo O Propeta, at gayundin ang awa ng Allah at ang Kanyang mga pagpapala. Ang kapayapaan ay mapapa-saatin, at sa mga mabubuting lingkod ng Allah. Pinapatotohanan ko na walang sinumang may karapatang sambahin maliban sa Allah, at pinatototohanan ko na si Muhammad ay Kanyang lingkod at sugo." Pagkatapos ay lilipat ako sa pangatlong rakaa, sa huling rakaa ng bawat pagdarasal at ako ay uupo upang sabihin ang unang Tashahud bilang karagdagan sa sumusunod na pagbigkas: *(Allaahumma salli 'ala Muhammad wa 'ala aali Muhammad kama sallaita 'ala Ibraaheem wa 'ala aali Ibraaheem innaka Hameedun Majeed, wabaarik 'ala Muhammad wa 'ala aali Muhamaad kama baarakta 'ala Ibraaheem wa 'ala aali Ibraaheem innaka Hameedun Majeed).*

"O Allah! Puriin nawa si Muhammad, at ang pamilya ni Muhammad, tulad ng pagpuri Mo kay Ibraaheem, at ang pamilya ni Ibraaheem; Ikaw lamang ang karapat-dapat na puriin, at luwalhatiin. At Ikaw ang nagkaloob ng mga pagpapala kay Muhammad, at sa pamilya ni Muhammad, tulad ng pagpapadala mo ng mga pagpapala kay Ibraaheem, at sa pamilya ni Ibraaheem; Ikaw lamang ang karapat-dapat puruiin luwalhatiin."

# Ang Salah



hakbang


12

Nais kong tapusin ang salah sa pamamagitan ng pagsasabi ng: "*As-salamu ʿalaikum wa rahmatu-llah,"* ang kapayapaan at mga pagpapala ng Allah ay sumaiyo, isang beses habang nakaharap sa kanang direksyon at isang beses habang nakaharap sa kaliwang direksyon; sa ganoong paraan magtatapos ang salah.

1
2
3
4
5
6
7
8
9
10
11
12

حجاب المرأة المسلمة

# Ang Pagsusuot ng Hijab ng Babaeng Muslim



Sinabi ng Allah: **"O Propeta, sabihin mo sa iyong mga asawa at sa iyong mga anak na babae at sa mga babae [13] na mga naniniwala, na kanilang ibaba ang kanilang takip sa kanilang mga sarili [ang bahagi] ng kanilang panlabas na kasuotan. Iyan ay higit na mabuti upang sila ay makilala [bilang marangal na babae] at sila ay hindi alipustahin. At ang Allah ay lagi nang mapagpatawad, maawain."** (Qur'an 33:59)



Ang Allah (SWT) ay nag-utos sa mga kababaihang Muslim na magsuot ng Hijab at takpan ang kanilang awra mula sa mga kalalakihan na hindi direktang nauugnay sa kanila, sa pamamagitan ng pagsuot ng mga tradisyonal na kasuotan na ginagamit sa kanilang bansa, at hindi nila maaari alisin ang Hijab maliban na lamang kung sa harap ng kanilang mga asawa o mga Mahram (at sila ang mga tao na hindi maaring kailanman na pakasalan ng isang muslim na babae). Kasama sa mahram ang mga sumusunod:  Ang ama hanggang sa pataas na antas nito (lolo pataas), anak na lalaki hanggang sa pababa na antas nito (apo pababa),

tiyuhin, kapatid na lalaki, anak na lalaki ng kapatid na lalaki, anak na lalaki ng kapatid na babae, ama-amahan, biyenan hanggang sa lahat ng mga antas nito, anak na lalaki ng ama-amahan pababa sa lahat ng mga antas nito, kapatid na lalaki sa gatas ng ina na nagpasuso at asawa ng ina na nagpasuso. Ipinagbawal ang pagpapakasal mula sa iisang gatas ng ina sa pagpapasuso katulad ng pagbabawala mula sa iisang lipi o lahi.

## Mga Panuntunan sa Pagsusuot ng Hijab:

**Una:** Sinasaklaw ng Hijab ang buong katawan.

**Pangalawa:** Ang Hijab ay hindi dapat isuot bilang isang palamuti lamang.

**Pangatlo:** Ang Hijab ay hindi dapat manipis dahil maaaring lumitaw ang kanyang katawan.

**Pang-apat:** Ang Hijab ay dapat na maluwag at hindi masikip; sapagka't maaari itong ilarawan ang kanyang katawan.

**Panglima:** Ang hijab ay hindi dapat lagyan ng pabango.

**Pang-anim:** Ang Hijab ay hindi dapat katulad sa kasuotan ng kalalakihan.

**Pang-pito**: Ang Hijab ay hindi dapat maging katulad ng mga damit na isinusuot ng mga babaeng hindi Muslim sa kanilang pagsamba at pagdiriwang.

من صفات المؤمن

# Iilan Sa Mga Katangian Ng Isang Muslim





Sinabi ng Allah: **"Katiyakan, ang tunay lamang na mananampalataya sa Allâh ay ang mga yaong kapag binanggit ang patungkol sa Allâh ay nakadarama ng takot sa kanilang mga puso, at kapag binigkas sa kanila ang mga talata ng Dakilang Qurân ay nadaragdagan ang kanilang paniniwala, at sa Allâh lamang nila ipinauubaya ang kanilang mga sarili, na kung kaya, hindi sila naghahangad ng anuman at wala silang kinakatakutan na iba."** (Qur'an 8:2)

- Matapat at hindi nagsisinungaling.
- Tinutupad ang kanyang mga pangako.
- Hindi lalampas sa mga limitasyon sa pag-aaway.
- Pinapangalagaan at ibinabalik ang mga bagay na ipinagkatiwala sa kanya.
- Minamahal niya ang kanyang kapatid na Muslim kung anuman ang gusto niya para sa kanyang sarili.
- Mapagbigay.
- Maganda ang pakikitungo sa mga tao.

- Bumibisita sa kanyang mga kamag-anak.
- Siya ay nalulugod sa kapalaran at tadhan ng Allah at nagpapasalamat sa Kanya sa kaganapan ng kasaganaan at nagtitimpi sa kaganapan ng pagkabalisa o kagipitan.
- Mayumi at mahiyain.
- Mahabagin sa mga nilikha.
- Ang kanyang puso ay malinis mula sa mga inngit at pagkamuhi, at ang kanyang katawan ay malinis mula sa pananakit sa kapwa.
- Mapagpatawad sa mga tao.

- Hindi kumakain mula sa Riba at hindi nakikipag-uganayan dito.

- Hindi nanganaglunya.

- Hindi umiinom ng alak.
- Mabuti ang pakikitungo sa kanyang kapitbahay.
- Hindi nanloloko at nang-aapi ng kapwa.
- Iniiwasan ang mga pagnanakaw at pandaraya.
- Mabuti ang pakikitungo sa kanyang mga magulang, kahit na hindi sila Muslim at sumusunod sa kanilang mabubuting utos.

- Dinidisplina ang kanyang mga anak sa kabutihan at nag-uutos sa kanila sa paggawa ng mga pagsamba, at nagbabawal sa paggawa ng kasamaan at ipinagbabawal.
- Hindi gumagaya sa mga gawaing hindi Muslim na mayroong marka at palatandaan ng kanilang relihiyon at tradisyonal na mga kilos.

سعادتي في ديني الإسلام



# Ang Relihiyong Islam Ang Aking Kaligayahan



Sinabi ng Allah: **"At sinuman ang gumagawa ng gawaing matuwid, lalaki man o babae, at siya ay naniniwala, sila yaong mga papapasukin sa Paraiso."** (Qur'an 4:124)

Isa sa pinakadakilang bagay na dahilan upang makamit ang kasiyahan, kagalakan at kaligayahan sa puso ng isang Muslim ay ang kanyang direktang koneksyon sa kanyang Panginoon nang walang tagapamagitan mula sa mga buhay, patay, o idolo. Tunay na binanggit ng Allah sa Kanyang Maluwalhating Aklat na Siya ay laging malapit sa Kanyang mga alipin, pinapakinggan sila at sinasagot ang kanilang mga panalangin, katulad ng sinabi ng Allah: **"At kapag ang Aking mga alipin ay magtatanong sa iyo [O Muhammad] tungkol sa Akin, tunay na Ako ay malapit [sa kanila]. Tinutugon Ko ang mga panalangin ng bawat dumadalangin kapag siya ay nananalangin sa Akin [nang walang ibang tagapamagitan]. Kaya, hayaan silang tumugon**

**sa Akin [sa pamamagitan ng pagsunod] at maniwala sa Akin, upang sakali sila ay [mapatnubayan] tumahak sa matuwid na landas."** (Qur'an 2:186)

Inutusan tayo ni Allah manalangin sa Kanya, at ginawa Niya ang bagay na ito na isa sa pinakadakilang gawain ng pagsamba kung saan ang isang Muslim ay lumalapit sa kanyang Panginoon, sinabi ng Allah: **"At ang inyong Panginoon ay nagsabi: "Manalangin kayo sa akin at kayo ay Aking diringgin."** (Qur'ān 40:60)

Ang matuwid na Muslim ay palaging nangangailangan sa kanyang Panginoon, palaging humihingi ng panalangin, at lumalapit sa kanya sa paggawa ng mabubuting pagsamba.

Nilikha tayo ng Allah sa mundong ito na may dakilang karunungan, at hindi Niya tayo nilikha nang walang kabuluhan; at ito ay ang sambahin lamang Siya nang nag-iisa at bukod tangi at walang halong pagtatambal. Isinabatas Niya ang isang komprehensibong banal na relihiyon na namamahala sa lahat ng ating pribado at pampublikong gawain sa buhay, at sa makatarungang batas na ito ay napapanatili ang mga pangangailangan ng buhay. Ito ay ang ating relihiyon, ating sarili, ating karangalan, ating isipan, at ating kayamanan. Sinuman ang namuhay alinsunod sa batas ng Sharia at iniwasan ang mga ipinagbabawal na bagay, tiyak na kanyang napangalagaan ang mga panganagilanagan na ito; sya ay mamumuhay nang masaya at payapa sa kanyang buhay nang walang duda.

Ang ugnayan ng Muslim sa kanyang Panginoon ay napakalalim, dahilan upang magkaroon ng kapanatagan at kaginhawaan ng sarili, pakiramdam na pagiging mahinahon, katiwasayan at kasiyahan, at pakiramdam na kasama ang Panginoon sa Kanyang pangangalaga sa Kanyang tapat na mga alipin na mananampalataya. Sinabi ng Allah: **"Ang Allah ay Wali [tagapangalaga] ng yaong mga naniniwala. Sila ay Kanyang hinahango mula sa mga kadiliman tungo sa liwanag."** (Qur'an 2:257)

Ang mahusay na ugnayan na ito ay isang pang-sentimental na estado na humahantong sa pagtamasa ng pagsamba sa Pinakamaawain, ang pananabik na makita Siya sa kabilang buhay,

at para bagang nakataas ang kanyang puso sa kalangitan dahil sa kaligayahan sa pamamagitan ng pakiramdam ng tamis ng pananampalataya.

Ang tamis na iyon, na mailalarawan lamang ng taong nakatikim nito sa pamamagitan ng pagsunod at pag-iwas sa kasamaan, kaya't sinabi ng Propeta Mohammad ﷺ: **"Tunay na matitikman ang tamis ng pananampalataya ng sinumang nalugod sa Allah bilang kanyang Panginoon, ang Islam bilang kanyang relihiyon, at si Muhammad bilang kanyang sugo."**

Oo, kung ang isang tao ay laging nararamdaman ang pag-iral ng kanyang Panginoon, nakilala Siya sa pamamagitan ng Kanyang mabubuting pangalan at katangian, sinamba Siya na

para bang nakikita Siya at naging dalisay sa kanyang pagsamba sa Allah, at walang ibang hinangad kundi ang lugod ng Allah, tiyak na siya ay mamumuhay nang mabuti at masayang buhay sa mundong ito at mayroong mabuting kalalabasan sa hinaharap.

Kahit na ang mga pagsubok at sakuna na sinapit ng isang mananampalataya sa mundong ito, ang init nito ay maaalis ng lamig ng katiyakan, nalulugod sya sa kapalaran at tadhana ng Allah, at pinuri at pinasalamatan ang Allah sa lahat ng mga tadhana sa kanya, mabuti man o masama. Kabilang sa mga bagay na dapat maging masigasig ang isang Muslim upang madagdagan ang kanyang kaligayahan at kapanatagan ng sarili, ay ang madalas na pag-alaala sa Allah at pagbabasa sa banal na Qur'an, katulad ng sinabi ng Allah: **"Yaong mga naniwala at**

**panatag ang kanilang mga puso sa pamamagitan ng pag-alaala sa Allah, walang alinlangan, matatagpuan sa pag-alaala sa Allah ang kapanatagan ng mga puso**. (Qur'an 13:28)

Kaya't sa tuwing pinaparami ng isang muslim ang pag-alaala sa Allah at pagbabasa ng banal na Qur'an ay lalong tumitibay ang koneskyon niya sa Allah, at nagiging dalisay ang kanyang sarili at lumalakas ang kanyang pananampalataya.

Gayundin, dapat magsikap ang isang Muslim na alamin ang mga bagay ng kanyang relihiyon mula sa tamang mga mapagkukunan, upang sumamba sa Allah na may sapat na kaalaman at kaunawaan, tunay na sinabi ng Propeta ﷺ: **"Ang pagsasaliksik ng kaalaman ay obligado sa bawat muslim."** Marapat lamang sa isang Muslim

na tumalima at sumunod sa kautusan ng Allah na lumikha sa kanya, napag-alaman man ang karunungan nito o hindi, sinabi ng Allah sa maluwalhating Qur'an: **"At hindi marapat sa sinumang mananampalataya, lalaki man o babae, na kapag nagpasiya ang Allâh at ang Kanyang sugo para sa kanila ng isang kapasiyahan bilang batas ay lalabag sila, na pipiliin nila ang anumang hindi pinagpasiyahan para sa kanila. At ang sinumang lalabag sa Allâh at sa Kanyang sugo, ay walang pag-aalinlangang lumayo sa tamang landas nang malinaw na pagkakalayo."** (Qur'ān 33:36)

"Ang mga pagpapala at kapayapaan ng Allah ay mapasa-kay Muhammad, sa kanyang pamilya at sa lahat ng kanyang kasamahan."




Back to Front Cover